

Tungkol sa pagbabakuna sa human papillomavirus (HPV)

Pinagmulan

Simula taon ng paaralan na 2019/20, bibigyan ang mga karapat-dapat na babaeng mag-aaral ng mababang paaralan ng bakuna sa human papillomavirus (HPV) sa ilalim ng Programa ng Imunisasyon ng Kabataan ng Hong Kong (HKCIP). Papairalin ang kaayusang ito ayon sa mga rekomendasyong magkasamang ginawa ng [Siyentipikong Komite sa mga Sakit na Maiiwasan sa pamamagitan ng Bakuna \(SCVPD\)](#) at [Siyentipikong Komite sa AIDS at mga Impeksyong Naipapasa sa pamamagitan ng Pagkikipagtalik \(SCAS\)](#) sa ilalim ng CHP upang isama ang bakuna sa HPV sa HKCIP.

Dumadalaw ang mga Pangkat ng Imunisasyon ng Paaralan (SIT) ng Kagawaran ng Kalusugan (DH) sa mga paaralan upang maglaan ng unang dosis ng 9-valent na bakuna sa HPV sa mga babaeng mag-aaral ng Primary Five at ikalawang doais sa mga bababe kapag narating nila ang Primary Six sa susunod na taon ng paaralan **nang libre**. Maaaring makatanggap ang mga karapat-dapat na babae ng Mababang Paaralan na hindi nag-aaral sa Hong Kong ng bakuna sa HPV sa mga tanggapan ng SIT sa pamamagitan ng appointment. Upang beripikahin ang kanilang pagiging karapat-dapat, dapat maglaan ang mga mag-aaral na ito ng mga dokumento ng pagkakakilanlan (hal. Sertipiko ng kapanganakan o kard ng pagkakakilanlan ng Hong Kong) at mga kaugnay na dokumento, kasama ang isang liham na inilabas ng kanilang paaralan na nagpapatunay na nag-aaral sila sa Primary Five o Six (o katumbas na baitang) sa isang hindi lokal na paaralan. Upang gumawa ng appointment o kung may higit ka pang mga katanungan, mangyaring tawagan ang SIT sa mga oras ng trabaho sa 2615 8580. O maaari ring ayusin ng mga magulang ang pagbabakuna sa HPV para sa kanilang mga anak sa mga pribadong mangagamoy (sa pangkalahatan, ang kailangang gastos ay tinatayang HKD 3000-7000 para isang kompletong serye).

Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa [balitang inilabas](#) ng DH noong 11 Okt 2018.

Ano ang HPV?

Ang HPV ay ang pangalan ng isang grupo ng mga virus na may higit sa 150 genotype. Nahahawaan ng tinatayang 40 ng mga virus na ito ang paligid ng ari ng lalaki at babae. Maaaring magdulot ang HPV ng mga pagbabagong malapit

nang lumubha at mga malubhang kanser sa kuwelyo ng matris (*cervix*), kaluban (*vagina*), vulva at anus.

Ano ang bakuna sa HPV?

Ang bakuna sa HPV ay isang prophylactic nabakuna upang maiwasan ang kanser sa kuwelyo ng matris (*cervical cancer*) gayon din ang mga kanser o sakit na kaugnay ng HPV. Sa Hong Kong, binubuo ng HPV-16, 18, 31, 33, 45, 52, 58 ang tinatayang 90% ng mga kaso ng kanser sa kuwelyo ng matris. Kasama ang lahat ng pitong genotype sa itaas sa 9-valent na bakuna sa HPV.

Paano makakatanggap ng bakuna sa HPV?

Makakatanggap ang mga magulang ng mga babaeng mag-aaral ng Primary Five o Six ng higit na impormasyon tungkol sa HPV at pormularyo ng pagpayag para sa bakuna. Kung may higit ka pang katanungan, mangyaring tumawag sa SIT sa 2615 8577 sa oras ng trabaho.

Matuto nang Higit pa Tungkol sa Bakuna sa HPV

Anu-ano ang mga posibleng masamang epekto ng mga bakuna sa HPV?

Karaniwang ligtas ang mga bakuna sa HPV. Walang mga malubhang reaksiyon ang karamihan ng mga mag-aaral matapos makatanggap ng bakuna sa HPV. Kapareho ng mga karaniwang masamang epekto ang mga mula sa ibang mga bakuna, katulad ng:

1. Mga banayad at panadaliang epekto, kasama ang sakit sa ulo, pagkahilo, pagdudwal at pagod.
2. Pananakit, pamumula o pamamaga sa lugar ng pagturok.

May alalahanin ba sa kaligtasan sa bakuna sa Is HPV?

Ginamit na ang mga bakuna sa HPV sa buong daigdig sa loob ng maraming taon. Matapos ang mga malawakang pagausulit ng siyentipikong ebidensya at impormasyon sa mga masamang reaksiyon kasunod ng pagbabakuna sa HPV, naghinuha ang Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan at mga kinaukulan sa kalusugan sa ibayong dagat na ligtas at mabisa ang mga bakuna sa HP, at walang ebidensyang magdudulot ang pagbabakuna sa HPV ng mga malubhang masamang epekto. Susubaybayan nang malapitan ng DH ang ulat sa mga masamang pangyayari matapos ang imunisasyon kasunod ng pagpapairal ng programa.

Bakit ibinibigay ang bakuna sa HPV sa sadyang napakamurang edad? Hindi ba hihikayatin ng pagtanggap ng bakuna ang maagang pakikipagtalik?

Tumatalab ang mga bakuna sa HPV nang pinakamahusay sa mga babaeng hindi pa nalalantad sa impeksyon ng HPV at samakatuwid ay inirerekomenda para sa mga babae ng wastong gulang bago ang pagsisimula ng pakikipagtalik. Ipinakita ng pagsasaliksik na hindi magiging mas aktibo o magsisimulang makipagtalik sa mas murang edad dahil sa pagtanggap ng bakuna sa HPV.

Kung hinddi makikilahok ang iyong paaralan sa programa ng pagbabakuna sa HPV, maaaring tumawag ang mga magulang ng mga karapat-dapat na mga babae ng mababang paaralan sa SIT sa mga oras ng trabaho sa 2615 8577 para sa mga higit na katanungan.